ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 9| Issue: 2| February 2023|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2023: 8.224 || ISI Value: 1.188

# INTEGRASYON NG EDUKASYONG GENDER SA PAGTUTURO NG FILIPINO

**Dr. Jessica Marie I. Dela Peña**
*Tarlac State University-College of Teacher Education, Lucinda Campus Tarlac City, Philippines*

**Article DOI:** https://doi.org/10.36713/epra12342
**DOI No: 10.36713/epra12342**

**ABSTRAK**

***Ang pag-aaral na ito ay naglalayong pagtibayin ang integrasyon ng edukasyong gender sa pagtuturo ng panitikan sa kolehiyo at masuportahan ang mga programa ng Tanggapan ng Gender and Development sa mga kolehiyo ng ating unibersidad upang maitaguyod ang pantay na karapatan at oportunidad para sa mga kababaihan at kalalakihan, at mahawan ang diskriminasyon at di pantay na pagtrato sa mga kababaihan sa aspetong ekonomik, politikal, sosyal at kultural na namamayani sa ating lipunan***

***Ang ginamit na pamamaraan sa pag-aaral na ito ay palarawang pananaliksik o "Descriptive Research" na kung saan gumamit ang mga mananaliksik ng talatanungan, obserbasyon, at panayam sa pagkalap ng mga kailangang datos sa pag-aaral. Ginamit na kalahok ang 3 gurong nagtuturo ng asignaturang Filipino at ang mga piling kabuuang isandaan at dalawampung (120) mag-aaral sa Kolehiyo ng Sining at Agham Panlipunan (CASS). Itinuos sa weighted mean ang mga nakalap na datos at matamang sinuri at binigyang interpretasyon.***

**KEYWORDS:*****Gender Equality sa Pagtuturo ng Filipino sa Kolehiyo.***

## I. PANIMULA

Ang Batas Republika Blg. 9710 o kilala bilang Magna Carta ng Kababaihan ay nalikha upang ipakilala ng estado ang tungkulin ng kababaihan sa pagtatatag ng bansa. Isa itong komprehensibong batas hinggil sa mga karapatan ng mga kababaihan gaya ng sumusunod: pangangalaga mula sa karahasan; kaligtasan sa panahon ng sakuna; kalamidad, at iba pang krisis; pakikilahok at representasyon; pantay na pagtingin sa batas; pantay na pagtatamasa at eliminasyon ng diskriminasyon sa edukasyon; iskolarsyip at pagsasanay; pantay na paglahok sa isports; walang diskriminasyon sa military; pulis at iba pang katulad na serbisyo; walang deskriminasyon at mapanirang paglalarawan sa midya at pelikula; komprehensibong serbisyo; impormasyon at edukasyong pangkalusugan; natatanging benepisyo sa pagliban; at pantay na karapatan sa lahat ng usapin na may kaugnayan sa pag-aasawa at ugnayang pamilya.

Sa madaling sabi ang batas na ito ay pagpapalawig at pagbibigay-lakas sa kababaihan (women empowerment), pagbuwag sa diskriminasyon, pagkakapantay-pantay sa kasarian, at pagkakaroon ng katarungang pangkasarian.

Dahil sa pagkakalikha ng batas na ito ay masusing sinunod ng lahat ng ahensya ng pamahalaan ang pagsusulong ng mga proyekto sa Gender and Development (GAD) na siyang atas bilang Republic Act 10633 o General Appropriation Act of 2014.

Ayon sa Konstitusyon, Artikulo IV Seksiyon I ng 1986 Konstitsuyon " dapat pangalagaan ng estado ang karapatan ng lahat ng mamamayan sa mahusay na edukasyon sa lahat ng antas at dapat magsagawa ng angkop na hakbang upang matamo ng lahat ang gayong edukasyon.

Kinikilala ng CHED ang kahalagahan ng batas na ito kung kaya't ang bawat institusyon ay hinihikayat na makapagsagawa ng pagsusuri, pananaliksik at pag-aaral ukol sa mga isyung may kinalaman sa pagkakapantay-pantay ng bawat isa sa lipunang kanilang ginagalawan.

Sa Kurikulum ng Filipino makikita ang pagpapahalaga sa karapatang pantao sa pamamagitan ng mga akdang naisusulat sa mga maikling kuwento, nobela, dula, iskrip, tula at maging sa mga talumpatian. Ang integrasyon ng gender sa pagtuturo ng Filipino ay higit na madaling maipamulat at maituro sa mga mag-aaral ang lubos na kabatiran ng isyung ito. Sapagkat sa paggamit ng wikang naisuso ng mga mag-aaral, madali silang makapaghayag ng kanilang saloobin at mungkahi. Madali nilang maunaawaan ang kahulugan ng mga kaisipang nais nilang iparating sa kanilang kapuwa.

Lubos na maselang gampanin ang nakabalikat sa mga guro upang maipamulat ang maayos at wastong pagpapahalaga sa karapatan ng bawat tao. Alalaongbaga'y silang may pasan sa pagpapamulat ng pagiging mabuting mamamayan, may mataas na pagpapahalagang moral, kapaki-pakinabang sa bayan at may kalakip na pagmamahal sa karapatan ng bawat indibidwal.

Sa loob ng silid-aralan naipapamalas ng guro ang mabuting relasyon sa guro tungo mag-aaral o ng kapwa guro't kapwa mag-aaral. Sa apat na sulok ng silid na ito ay malayang naituturo't nagagabayan ng guro ang mga mag-aaral sa mabuti nilang pananaw upang mapangalagan at mapataaas ang pagpapahalaga sa moral na mga bagay.

Higit na napag-iibayo ng panitikan ang mga ganitong pananaw sapagkat napakalaking bahagi ng kulturang Pilipino, kabihasnan, tradisyon at saloobin ang makikita sa mga akdang naisulat ng mga paham at dalubhasa. Sadyang nagiging sandata ito ng guro upang lakbayin ang imahinasyon ng mga mag-aaral sa mabuting pagkakataon upang maituro nang tama at angkop na mga katangian ng isang indibidwal.

Katulad ng mga akdang "Impeng Negro" na dapat pahalagahan ang karapatang dapat siyang irespeto't igalang kahit na siya ay may kakaiba't kakatwang katangian. Ngunit hindi ito ginawa ni Ogor bagkus ang pambubusko nito'y patuloy na ginawa kay Impen.

Gayundin ang akda ni Edroza Matute na "Ang Kuwento ni Mabuti". Nagpakita naman ng pagpapahalaga sa karapatan ng mga kababaihan sa kabila ng kaniyang immoral na pamumuhay ay hindi naging hadlang upang magpakita ng kabutihan sa kaniyang mga mag-aaral ng tama at angkop na pag-uugaling dapat nilang taglayin sa kabila ng lahat na siya ay isang kabit lamang ng isang doktor.

Masining ang panitikan at higit na kinagigiliwan ng mga mag-aaral kung kaya't madaling maipamulat sa kanila ang

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 9| Issue: 2| February 2023|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2023: 8.224 || ISI Value: 1.188

mabuti at angkop na katangiang dapat taglayin sa pagpapahalaga sa karapatang pantao.

Ang panitikan ay isang kulturang nagpapakilala sa lipunan. Mga saloobing nakakubli sa bawat titik at himig ng mga sitwasyong nagpapaalala sa kasalukuyang nagyayari sa lipunang ating ginagalawan.

Sa larangan ng edukasyon sa ngayon ay nagkaroon ng kultural na pagbabago sa pagtingin sa pagkakapantay-pantay ng opurtunidad para sa mga lalaki at babae. Ang ilang pagbabago ay naipakita sa pagtanggap sa mga umaaayong mga patakaran at pagkilos ng lipunan. Sa mga pagbabagong ito, kaakibat din ang mga pagbabago sa pananaw kilos gawi at ugali ng bawat indibidwal. Ang pagtanggap sa mga gawaing panlalake na tinaggap ng lipunan upang gawin ng mga babae. Gaya ng hanap-buhay bilang pulis, bumbera, tubera at pagiging sundalo.

Sa seminar na ginanap noong 2015 sa gusaling GSIS, Pasay City na may temang "Ang Panitikang Gender-Based" tinalakay dito ang suliranin ng isang guro sa loob ng silid-aralan sa pagtuturo niya ng panitikan. Napakaraming mga katanungan mula sa pribado't pampublikong paaralan sa iba't ibang panig ng bansa ang sinagot ng KWF at lubos na nakapanlulumo ang pinakapalasak na katanungan ay kung paano babaguhin ang nakamulatang kultura upang maging malaya si Maria sa kaniyang karapatan.

Ang mga akdang pampanitikan na itinuturo'y nagpapamulat sa mga kababaihang tumahimik at makisukob sa idinidikta ng nakamulatang kultura. Marami ang nagbigay ng kahulugan sa mga akdang itinuturo na sa bandang huli'y nangingibabaw ang pagkamahinhin at Maria Clara ng mga kababaihan sa mga akda.

Napakalaking hamon sa mga guro sa antas tersyarya na linangin at pag-ibayuhin ang pananaw ng mga milenyal na mag-aaral sa kung ano ang dapat nilang paniwalaan at tupdin sa kanilang buhay sa kabila ng kanilang nakamulatan at nakasanayan. Iba-iba ang kanilang kakayahan, pag-iisip at pag-uugali. Sa pagsagot sa bawat suliraning inihahayag nila sa klase ay may malaking hikayat sa kanilang mga kapuwa mag-aaral upang mapag-ibayo ang pananaw ng isa. Kung kaya't may malaking responsibilidad ang guro tungo sa paghubog ng kanilang karakter maging ng saloobin at paniniwala.

Ang pananaliksik na ito ay makatutulong kung paano nakatutulong ang mga gawain na nakabatay sa gender-based tungo sa pagbabago ng kanilang aspeto kaisipan, saloobin hinggil sa pagtalakay sa karapatang pantao at pagkakapantay-pantay sa mata ng batas ng lipunan.

## PAGLALAHAD NG LAYUNIN

Ang pangkalahatang layunin ng ginawang pag-aaral ay nailarawan kung paano itinaguyod ng mga guro ang integrasyon ng Edukasyong Gender sa pagtuturo ng Filipino at upang makapagmungkahi ng mga planong gawaing itinataguyod ng R.A. 9710.

Sa kabuuan sinikap na masagot ang mga sumusunod na layunin:

1. Mailarawan kung paano itinataguyod ng mga guro ang integrasyon ng edukasyong gender sa pagtuturo ng Filipino batay sa mga salik ng gender fair tulad ng:
   - 1.1 Wika;
   - 1.2 Kasarian (gender);
   - 1.3 Gampanin (gender roles);
   - 1.4 Kagamitan sa pagtuturo; at
   - 1.5 Pasilidad ng paaralan

2. Matukoy ang prosesong ginamit ng guro sa integrasyon ng edukasyong gender sa pagtuturo batay sa:
   - 2.1 Layunin
   - 2.2 Paksa: at
   - 2.3 Gawaing pansilid-aralan

3. Matukoy ang naging bunga ng integrasyon ng edukasyong gender sa pagtuturo batay sa performans ng mga mag-aaral sa resulta ng kanilang pagsusulit.
4. Makapagmungkahi ng mga planong gawain sa pagtataguyod ng R.A. 9710 na magagamit ng mga guro at mga mag-aaral sa pagtulong sa kanilang komunidad sa pagpapatupad ng nabanggit na batas.

## SAKLAW AT DELIMITASYON

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa integrasyon ng gender sa pagtuturo ng asignaturang Filipino sa kolehiyo.

Saklaw nito ang mga mag-aaral at guro sa Tarlac State University Kolehiyo ng Sining at Agham Panlipunan na may mga asignaturang Filipino. May kabuuang isandaan at dalawampu't tatlong (123) mga kalahok sa pag-aaral. Nahati ito sa dalawang dibisyon; una, ang mga eksperto sa disiplinang Filipino, tatlo (3), at ikalawa, ang mga mag-aaral na nasa isandaan at dalawampu (120).

Pinili sa pamamagitan ng *fishbowl technique* na *random sampling* ang mga kalahok sa pag-aaral.

## KAHALAGAHAN NG PAG-AARAL

Ang pag-aaral na ito ay higit na makatutulong sa mga sumusunod:

Sa mga guro, ang resulta ng pag-aaral ay magiging batayan kung paano maisusulong at maituturo nang angkop ang mga akdang pampanitikan na nakatuon sa panitikang gender-based. Malalaman ng mga guro kung ano pa at paanong pagpapahalaga ang kailangan upang mapaunlad tungo sa paghubog ng kamalayang kaisipan at pakikitungo ng mga mag-aaral

Sa mga magulang, na siyang tuwirang nakababatid sa katangian at ugali ng mga mag-aaral ay makatutulong sa paglalapat nang mahusay at angkop na kaisipan at pananaw sa buhay at pakikipagkapwa- tao ng mga mag-aaral.

Sa mga mag-aaral, sa pamamagitan ng pag-aaral na ito ay matututunan nila ang mga bagay na dapat nilang paunlarin at higit na pahalagahan. Sa pakikitungong sosyal sa mga kapuwa mag-aaral, mga guro at sa bawat indibidwal sa lipunang kanilang ginagalawan para sa ikabubuti ng kanilang magandang kinabukasan at kapalaran upang magkaroon ng tamang pakikipamuhay sa kanilang kapuwa.

Sa adminstrasyon ng paaralan, upang magsilbing gabay sa paggawa ng paaran kung paano mapabuti at mapaunlad ang karakter ng mga mag-aaral sa kanilang paaralan.

Sa mga susunod pang mananaliksik, magsisilbing gabay at karagdagang batayan sa mga susunod pang pag-aaral.

## KATUTURAN NG MGA KATAWAGANG GINAMIT

Ang mga mahahalagang salitang ginamit sa pagtatalakay ay binigyang paliwanag upang lubos na maunawaan ang mga terminolohiyang ginamit sap ag-aaral.

Ang mga salitang binigyang kahulugan ay batay sa kung paano ito nagamit sa pag-aaral.

**Gender**. Katangian ng taong pinaniniwalaang nakabatay sa kulturang kinabibilangan, kinamulatan at nakaasanayan. Ito rin ay napag-aaralan at nakukuha, nababago mula sa iba't ibang lugar o panahon.

**Gender Education**. Ang paraan ng pagpapakilala't pagmumulat sa pagkakapantay-pantay ng karapatang pantao. Nakatuon sa pag-aaral na ito na matulungan ang mga mag-aaral na mamulat sa wastong pakikisalamuha sa kapwa tao ang bawat mag-aaral upang makapamuhay nang ayon sa wastong moral.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 9| Issue: 2| February 2023|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2023: 8.224 || ISI Value: 1.188

**Gender Equality**. Ang pagkatuto sa pagkakapantay-pantay ng bawat indibidwal sa lipunang kanilang ginagalawan.

**Gender Relations**. Pagkakaugnayan ng bawat inidibidwal sa kahalagahan nito sa lipunang kanilang ginagalawan. Magkaiba man ng gampanin ang lalaki at babae kapuwa naman mahalaga ang kanilang responsibilidad.

**Integrasyon.** Pagsasama at paglalahok ng anumang ideyolohiya, tema, o paksa sa isa pang kaisipan, tuntunin o kurikulum.

**Kagamitang Pampagtuturo.** Ito ang mga gamit mismo ng guro sa pagpapalawak ng kaniyang paksa at pagpapalalim ng komprehensyong nais matamo sa kurso. Gaya halimbawa ng tsart, meta cards, larawan kasama na rin ng mga sanayang aklat.

**Layunin.** Ang hangarin o nais ipabatid ng guro upang matamo ng isang mag-aaral ang pagkatuto.

**Mga Guro**. Grupo o lupon ng mga indibidwal na responsible sa pagpapamulat at pagtuturo ng edukasyon batay sa umiiiral na kurikulum.

**Nilalaman**. Ang mismong panitikang ginamit sa pag-aaral. Ito ang mga akda matamang ginamit ng mga mag-aaral at guro sa kaniyang pagtuturo.

**Pagtuturo.** Isang paraan/teknik ng indibidwal kung paano niya maihahatid ang kahulugan ng kaniyang lektura batay sa umiiral na kasalukuyang kurikulum.

**Panitikan.** Mula sa salitang pantitikan na ang kahulugan ay ang paggamit ng mga titik para sa isang makabuluhang kaisapan na nagpapalabas ng malalim na imahinasyon upang suriin ang kabuuang kahulugan nito.

**Pasilidad sa Paaralan**. Mga lugar at kagamitan ng paaralan. Gaya ng gym, guidance office, silid-aklatan, silid-aralan, o pasilyo at palikuran.

**Suliranin**. Ito ang mga sagabal, sagwil, problemang haharapin sa pag-aaral.

## II. REBYU NG MGA KAUGNAY NA LITERATURA AT PAG-AARAL

Sa bahaging ito maipapakita ang iba't ibang mga manunulat ng aklat, magasin o dili kaya'y mga thesis at disertasyon na may kaugnayan sa kasalukuyang pag-aaral.

### Kaugnay na Literatura

Anumang sangay at ahensya ng gobyerno sa ngayon ay may programa't proyekto ukol sa gender and development. Gaya ng CEAF o Catholic Education Association of the Philippines ay nagkasundo upang palawakin ang kanilang Kurikulum sa layuning maging kasangkapan ang kanilang mga tinuturuang mag-aaral sa pagbabago ng lipunan at ng mundo laban sa karahasan, kahirapan, droga, pagsira ng kalikasan, pang-aabuso at pananamantala. Inilunsad ng CEAF ang mga sangguniang aklat na tumatalakay sa apat na mahahalagang isyu. Ito ay ang 1) edukasyong political, 2) edukasyong pangapaligiran, 3) edukasyong pangkatuparan at kapayapaan, 4) edukasyong ukol sa gender sensitivity. Marahil ay naisipan ng asosasyong ito na higit na makatutulong ito upang mapalawig ang kaalaman ng mga mag-aaral sa wasto at akmang pakikitungo sa kapuwa.

Mula sa aklat ni Belvez, 2000 ang pagtuturo ay isang larangan ng agham. Ito rin ay sangay ng karunungan, lalo na ng kaalaman kung paano ang isang pangyayari ay nagbibigay daan sa pinagmulan ng isa sa lipunan. Ang mga teknik at estratehiya sa pagtuturo ay umaalinsunod sa maayos, masistematikong pagkakasunod-sunod ng mga hakbang. Hinihingi ng mabisa at mabilis na pagtuturo ang paggamit ng mabuting pamamaraan ng pagtuturo. Nakasalalay sa mabuting pamamaraan ng pagtuturo ang matagumpay, kawili-wili at mabisang pagkatuto ng mga mag-aaral at pagtuturo ng guro.

Magkagayon ang nalikhang babasahing aklat ng CEAF ay makatutulong sa pagtugon sa mga kakulangan ng mga kagamitang pampagtuturo sa Filipino. Kailangan ang pagtuturo sa mga nabasang akda upang mapalawig ang kaisiapang nilalaman ng akda higit sa lahat mabatid ang saloobin ng iba't ibang mag-aaral na siyang batayan sa kung anong uring mag-aaral ang mga ito sa kasalukuyang panahon. Gaya din naman sa pamamaraang ginamit sa kasalukuyang pag-aaral.

Ang panitikan ay may malaking bahagi sa pag-aaral ng Filipino. Sapagkat sa bahaging ito ng asignatura'y lumalabas ang angking talento't galing ng mga mag-aaral sa pagbibigay ng kahulugan at pasusuri sa bawat elemento ng mga akda. Malikhaing naipapahayag ng mga mag-aaral ang kanilang saloobin sa gayon nakikita ng mga guro ang mabuti at di kanais-nais na katangian ng mga mag-aaral kung ang pag-uusapan ay karapatan ng babae at lalake sa lipunan.

Sa isang panayam ni Badayos (1998), "may malaking bagay na nagagawa ang paraan ng pag-aaral at pagtuturo ng panitikan sa ating paaralan. Hinayaang idaos ang iba't ibang paligsahan at masaulo ang nilalaman ng mga akda sa gayon mabatid ang kultura't pinagmulan ng lahi nito" Sa ganito masasabing ang panitikan ay mahusay na lunsaran sa pagpapalawak ng karapatan ng bawat indibidwal bagama't ang mga ugaling ipinakikita sa bawat kuwento ay nakagisnang kultura na ng mga Pilipino.

Naiwika naman ni Simbulan (1998), "hindi natin maituturo ang panitikan sa pamamagitan ng labi lamang, dapat tayong magkaroon ng isang pusong nakauunawa upang makayang pakahulugan ang may may-akda, ang kaniyang hinagpis at kaligayahan, isang pusong maaaring makatarok sa lalim ng kawalang pag-asa sa mga taludtod ng isang makata, masilip ang nakatambad na daigdig ng kagandahan at kapangitan ng buong kaluwalhatian". Sa ganito nakatutugon ang mga guro sa kanilang pagtuturo upang maituro sa kanilang mga estudyante ang angkop na kaisipan sa pagtitimbang-timbang ng mga pananaw ng mga ito.

Sa isang manual na pinamagatang "Gender Sensitivity" ng *National Commision for the Promotion of Equality* ni Malta, 2008, binigyan niya ng pahayag na sa kabila ng pagpapatupad ng gender *education-based* sa edukasyon ay hindi pa rin masapatan ang angkop na paglalapat ng GAD sa sistema ng edukasyon. Hindi paksa ang GAD sa bawat aralin bagkus kalakip nito ang pagpapamulat sa mga mag-aaral kung paano isabuhay ang pagkakapantay-pantay ng bawat tao sa mundo. Inilalahok dapat ang pagkontrol sa malahukom na batas sa mas higit na pag-unawa sa simpleng karapatan ng bawat isa. Mga usaping maaring makapagpagulo sa pananaw ng mga mag-aaral sa sitwasyong maaring sila ang magsabi ng tama at angkop na kilos upang maipakita ang gender equality o pagkakapantay-pantay ng bawat tao.

Sa mensahe ni Panelo-Ho (2003), kailangang buksan ng guro ang kaniyang kaisipan sa mga pagbabago. Kung sa panahon ng una ay natututo sa pamamagitan ng pagsasaulo, ngayon naman ay iba ang paraan ng kanilang pagkatuto. Sa kasalukuyang kurikulum na umiiral ay natututo ang mga mag-aaral sa kanilang mga paggawa sa gayon ay magiging facilitator ang guro sa mga bagay na kailangan ang higit na malawak na

paliwanag upang mabigyan ng kasagutan ang bumangong suliranin paggawa ng mga mag-aaral sa kanilang gawain.

Ayon sa isang panayam ni Joaquin Alonso, (2016) sa isang guro sa Senior High School sa Kamaynilaan, malaki ang pagbabago ng paraan ng pagtuturo sa ngayon hindi angkop at sapat ang lektyur lamang para sa mga milenyal na mag-aaral. Kung kaya't pinalawig ang pagdalo sa seminar ng mga guro kung paano maging epektibong guro ng K-12 Kurikulum lalo pa at isinangkap ang GAD sa lahat ng aspeto ng mga proyekto't gawain ng paaralan. Idinagdag pa niya na ang paggamit ng iba't ibang teknik sa pagtuturo ay higit na makatutulong sa pag-aangkop ng multiple intelligences ng mga mag-aaral.

Ayon naman kay Tan,(2001), may limang batayan sa Singapore na kailangang isabuhay ng bawat mamamayan nito. Ang pagmamahal sa bansa, pamilya, suporta sa komunidad at kapuwa, pagkakaisa bilang isang lahi, at may paggalang sa relihiyon ay mga responsibilidad ng bawat mamamayan nito sa gayon ay makakamit ang pantay-pantay na karapatan ng babae at lalake ng kanilang bansa.

Sa pahayag naman nina Linda at Richard Erye (2000), mahirap magdisiplina ng kabataan sa Amerika. Kaya naman sa kanilang aklat na may pamagat na "Teaching Young Children Values" sinagot nila ang tanong na bakit, kailan, saan, at sino ang mga batang dapat turuan ng values. Ang malaking kontribusyon sa kanilang anak anila ay ang pagtuturo ng kagandahang asal at wastong pag-uugali. Ibig sabihin lamang ay may malaking kontribusyon ang kultura sa pamilya ng mga mag-aaral sa pananaw nila ng pagkakapantay-pantay sa karapatan ng bawat indibidwal.

Mula naman sa (UN report warns, E-joussour, 2008), ang pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng kasarian ay makikita bilang isang motibasyon sa mas higit na kaunlarang pang-ekonomiya. Halimbawa, ang mga bansa sa Gitnang Silangan na hindi ipinagkakaloob ang pantay na oportunidad sa mga kababaihan ay binigyan ng babala sa isang 2008 United Nations – sponsored na ulat na ang pagkakait ng kapangyarihang ito ay isang kritikal na kadahilanan na pumipigil sa panunumbalik ng mga bansang ito sa unang ranggo ng mga pandaigdigang lider sa komersyo, edukasyon at kultura.

**Kaugnay na Pag-aaral**

Makikita sa bahaging ito ang mga tesis na ginawa ng iba't ibang mananaliksik na may kaugnayan sa kasalukuyang pag-aaral.

**Banyaga**

Mula sa pag-aaral ni Fadera (2002), talamak na ang pagkasira ng mga buhay ng kabataan ngayon na tunay na nakakabahala dahil ibang-iba na ang pag-uugali nila kung ikukumpara natin sa mga kabataan noon. Ang mga kabataan noon ay talaga namang pinag-iisipan nila ang anumang desisyon nila sa kanilang buhay nang sa bandang huli ay hindi sila magsisi.

Marunong silang sumunod sa kanilang mga magulang para sa kanilang kabutihan patungo sa rurok ng tagumpay. Taglay nila ang sipag at tiyaga upang sa pag-abot ng kanilang mga pangarap ay makatulong sa kanilang pamilya. Ngunit ang mga kabataan ngayon ay masasabing taliwas sa pag-uugaling taglay ng mga kabataan noon. Kakikitaan ngayon ng kawalan ng disiplina sa sarili na nagdadala sa kanila ng kabiguan at kapahamakan.

Mula naman sa pag-aaral ni Walkerdine (2001), aniya ang mga kababaihang nagmula sa mga propesyunal na pamilya ay nakaka-angat pagdating sa kanilang pag-aaral, samantala ang mga kalalakihan naman na nagmula sa pamilyang nasa may mababang estado ng pamumuhay ay nahuhuli pagdating sa edukasyon. Ito ay nagpakita na ang performans ng mga kababaihan ay mataas kumpara sa performans ng mga kalalakihan, ngunit ito ay malayo sa katotohanan. Sapagkat, ang mga lalaking nagmula sa mga propesyunal na pamilya ay hindi bumabagsak at ang mga kababaihang nagmula sa mababang estado ng pamilya ay hindi nagpeperfom nang maayos.

Ayon naman kay Vinson, et.al. (2000), ang tungkulin ng mga guro sa pagpapanatili ng gender stereotype ay napakalaking impluwensiya sa edukasyon. Gayunpaman, kaunting panahon lamang ang ibinigay sa kanila upang lalong mahasa pagdating sa pagtuturo ng kasarian.

Sa pananaliksik ni Fokufa (2006), na may pamagat na "The Impact of Spirituality on Academic Performance" natuklasan niyang ang pagkakaroon ng malalim na pananampalataya ay nakatutulong sa magandang resulta ng mga mag-aaral pagdating sa akademiko.

Mula naman kina Commak at Philips (2002), isa sa dahilan kung bakit hindi naghahamon ang mga guro pagdating sa kasarian ay natutunan na hindi dapat ang guro ang may tungkulin na ipakilala ito sa kanila kundi ang kanilang pamilya.

**Lokal**

Ayon kay Regencia (2010), ang maaayos na pamamahala ng guro sa loob ng silid-aralan ay isang malaking papel na gampanin sa loob ng paaralan. Marami na rin ang nag-aral ng isyung ito noong nakaraang taon. Ang pagtutukan ng pansin ngayon ay ang maayos na pamamahala sa ugali ng mag-aaral upang mapasunod sila sa batas na umiiral sa mga paaralan. Ang paggamit din ng parusa at pabuya ay magagamit upang masubaybayan ang katangian ng mga mag-aaral na dapat nilang taglayin.

Sa pag-aaral naman na isinagawa ni De Irala (2007), na may titulong "Child Rearing and Gender Socialization" natuklasan niyang ang pamilya ang may pinakamalaking bahagi sa pakikisalamuha o pakikitungo ang isang anak/bata sa kaniyang kapwa. Ang pagkakaiba ng trato sa babae at lalake ay nakadepende sa kung paano pinalaki ng mga magulang ang kanilang anak.


Sa pag-aaral na isinagawa ni De Vera (2013), "Pagsusuri sa mga Emosyonal, Sikolohikal at Sosyal na kaasalan ng mga Hyperactive na Mag-aaral: Batayan sa Pagsulong ng Estratehiya sa pamamahala ng Kaasalan." Inilarawan niya at sinuri ang batang hyperactive sa loob ng klase batay sa aspetong emosyonal, sikolohikal, at sosyal. Nalaman niya na madalas sumpungin ang pag-aalburuto, ang paghahangad na maging sentro ang atensyon o KSP (kulang sa pansin), ang madalas na paikot-ikot at pagiging balisa ay sa emosyonal na aspeto. Sa sikolohikal na aspeto, ang madalas na kulang sa interes at madalas na makalimutan ang mga gamit ang nakakuha lamang ng madalas na deskripsyon at ang walo ay di-madalas na deskripsyon. Karamihan sa mga sosyal na aspeto ng hyperactive na kaasalan ay nakitang madalas. Ilan sa mga ito ay masyadong masalita, laging kumikilos, madalas nakikipag-away at hindi makatagal sa pagkakaupo. Ang emosyonal at sosyal na aspeto ang nakitang madalas samantalang ang sikolohikal na aspeto y di-madalas sa interpretasyong berbal.

Ang pag-aaral ni De Vera ay may kaugnayan sa kasalukuyang pag-aaral. Ang layunin ng pag-aaral ay may pagkakatulad sa pagsusuri ng aspeto't ugali ng mga mag-aaral ang pagkakaiba lamang ay ang kasalukuyang pag-aaral ay nakapokus sa buong aspeto ng pag-uugali batay sa pagtuturo ng panitikang gender-based.

Ipinakita lamang ng mga kaugnay na literatura't pag-aaral ang patuloy na pananaliksik hinggil sa pagkakapantay-pantay at tamang pagtrato sa dalawang kasarian.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 9| Issue: 2| February 2023|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2023: 8.224 || ISI Value: 1.188

## BALANGKAS TEORETIKAL




**Figyur 1. Paradigma ng Pag-aaral**

## III. METODOLOHIYA

Sa bahaging ito makikita ang pamamaraan o metodolohiya na ginamit sa pag-aaral, mga impormasyon tungkol sa mga tagatugon at ang instrumento na ginamit sa paglikom ng mga datos sa pag-aaral.

### Disenyo ng Pananaliksik

Ang pamamaraan o metodolohiyang ginamit sa pag-aaral na ito ay palarawang pananaliksik o "descriptive research". Ito'y angkop sa kasalukuyang pag-aaral dahil hinihingi ng pag-aaral ang kabuuang integrasyon ng *gender-based education* sa pagtuturo ng Filipino sa kolehiyo.

### Lokal ng Pag-aaral

Isinagawa ang pag-aaral na ito sa Tarlac State University sa Kolehiyo ng Sining at Agham Panlipunan, taong panuruan 2016-2017.

### Pinagmulan ng Datos

Ang mga tagasagot sa pag-aaral na ito ay tatlong (3) guro na nagtuturo sa asignaturang Filipino. Kasama ang isandaan at dalawampung (120) mga mag-aaral sa kolehiyo ng Sining at Agham Panlipunan upang masuri ang

### Instrumento ng Pananaliksik

Ang instrumentong ginamit ng mananaliksik ay sa pamamagitan ng tseklist/talatanungan. Ang bahagi ng tseklist na ginawa ng mga mananaliksik ay naipasuri muna sa tatlong eksperto ng gender mula sa Gender and Development Office upang matiyak ang kaangkupan ng mga katanungan na siyang makasasagot sa kabuuan ng pag-aaral. Ang talatanungang nabuo ay nahati sa dalawa: ang para sa mag-aaral at para sa mga guro.

Ang talatanungang ipinasagot sa mga mag-aaral at guro'y naibatay sa layunin ng pag-aaral. 1) Ang paglalarawan sa integrasyon ng gender-based education batay sa wika, kasarian, gender role, kagamitan sa pagtuturo at pasilidad ng pamantasan; 2) Ang proseso ng pagtuturo ng Edukasyong Gender batay sa layunin, paksang-aralin at gawaing pansilid-aralan. Bawat kategorya'y may kalakip na katanungang sumasapat sa hinihingi ng bawat kategorya.

### Pagsusuring Pang-Istadistika

Ang istatistikang ginamit sa pagsusuri at paglalarawan sa mga datos sa pag-aaral ay ang mga sumusunod:

1. Sa pagtataya ng mga gurong eksperto sa ginawang pag-aaral ng mananaliksik, ang *weighted mean* ang ginamit na batayan.

Ang formula ng *Weighted Mean* ay:

$X = \frac{\sum x}{N\ (x)}$ kabuuang iskor o tuos / bilang ng aytem

Na ang ibig sabihin ay:
X = para sa arithmetic mean
$\sum x$ = para sa karampatang tuos
N = para sa kabuuang bilang ng mga gurong tagataya

2. Ginamitan ng Likert's Scale upang mabigyan ng pagkakahulugan ang bawat iskor na nakuha sa pag-aaral.

| Index | Limitasyon | Interpretasyong Berbal |
|---|---|---|
| 3 | 2.5 – 3.0 | Madalas |
| 2 | 1.76 – 2.49 | Madalang na nangyayari |
| 1 | 1.0-1.75 | Hindi nangyayari |

## IV. PAGLALAHAD, PAGSUSURI AT INTERPRETASYON NG MGA DATOS

Nakasentro ang kabanatang ito sa paglalahad, pagsusuri at interpretasyon ng mga datos na kinalap ng mananaliksik upang

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 9| Issue: 2| February 2023|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2023: 8.224 || ISI Value: 1.188

masistematikong mailarawan ang kabuuang integrasyon ng edukasyong gender sa pagtuturo ng panitikan.

1. **Mailarawan kung paano itinataguyod ng mga guro ang integrasyon ng edukasyong gender sa pagtuturo ng Filipino batay sa mga salik ng gender fair tulad ng:**

**TALAHANAYAN 1**
**1.1 Wika**

| **Nakapaloob na Konsepto** | **Mean** | **Interpreatsyon** |
|---|---|---|
| a.Naipaliliwanag na mahalagang kasangkapan ang wika upang mapagtibay ang paniniwala at damdamin ng isang tao tungkol sa gender sensitivity | 2.7 | Madalas |
| b. Nabibigyang-diin na nagkakaroon ng gender bias kung paano ipinahahayag ang pangungusap. (hal.Mahina ang mga babae) | 2.4 | Madalang na nangyayari |
| c. Nailalarawan na ang wika ay kaugnay ng kultura ng lipunan(hal. Bihira na ang Maria Clara ngayon) | 2.7 | Madalas |
| d.Naipapakita na may impluwensiya ang wika sa ugnayan ng mga tao.(hal.Ang lalaking may asawa na gumagawa ng gawaing bahay ay "under de saya") | 2.4 | Madalang na nangyayari |
| e. Natutukoy ang mga salitang gender fair at hindi gender fair kung nais banggitin ang parehong kasarian katulad ng:<br>gender fair : Chairperson<br>hindi gender fair: Chairman | 2.7 | Madalas |
| **Kabuuang Mean** | **2.58** | **Madalas** |

Nasumpungan ang kabuuang mean na 2.58 na may interpretasyong berbal na madalas nangyayari ang pagtataguyod ng mga guro ng edukasyong gender sa pagtuturo ng Filipino batay sa mga salik ng gender fair sa wika**.**

Makikita din na karamihan sa naitalang iskor na mean ay 2.7 na halos tumatalakay sa pagpapahalaga sa wikang Filipino at kung paano ito magamit ng angkop at tama sa pagpapakita ng kultura, paniniwala at damdamin.

**TALAHANAYAN 2**
**1.2 Kasarian (gender)**

| **Nakapaloob na Konsepto** | **Mean** | **Interpreatsyon** |
|---|---|---|
| a.Natutukoy ang pagkakaibang biyolohikal sa pagitan ng lalake at babe. (hal.ang babae ay nanganganak at ang lalaki ay hindi) | 3 | Madalas |
| b. Pagkakaloob ng pantay na oportunidad sa mga mag-aaral na:<br>b.1 Kumukuha ng alinman sa mga kursong ipinagkakaloob ng pamantasan<br>b.2 Makakuha ng iskolarsyip<br>b.3 Sumali sa mga kompetisyon o aktibidad sa kolehiyo.<br>b.4 Mamuno sa mga samahang pangmag-aaral. | 2.8 | Madalas |
| **Kabuuang Mean** | **2.9** | **Madalas** |

Napatunayan sa naitalang resluta na may kabuuang mean na 2.9 na may interpretasyong madalas na alam na alam ng mga tagasagot ang pagkakaiba ng kasariang pagkababae at pagkalalake. Natunghayan ding may patas na pagtingin sa pagkakaloob ng karapatan sa kukuning kurso, iskolarsyip, pagsali sa mga kompetisyon at pamumuno sa mga samahang pangmag-aaral. Patunay na lamang na ang mga nag-aaral at nagtuturo sa Tarlac State University ay may patas na pagtingin sa bawat kasarian.

**TALAHANAYAN 3**
**1.3 Gampanin (gender roles)**

| **Nakapaloob na Konsepto** | **Mean** | **Interpretasyon** |
|---|---|---|
| a.Naipapaliwanag na ang gender role ay batay sa mga gampaning pangkultura o panlipunan na maaaring baguhin. (hal.ang tungkulin sa pag-aalaga ng bata ay gampanin din ng ama) | 2.9 | Madalas |
| b.Nailalarawan na ang bawat uri ng hanap-buhay na dati ay para sa lalaki lamang, ngunit ngayon ay bukas na rin sa mga babae.(hal.pulis, bumbero, construction worker, welder atbp.) | 3 | Madalas |
| c. Nabibigyang-katwiran na maaari ding *baguhin ang mga pananaw tungkol sa gender stereotypes* batay sa:<br>pisikal(ang babae ay mahina); sikolohikal(ang babae ay emosyonal at ang lalake ay lohikal), Moral (ang babae ay hindi nangangaliwa ng asawa samantalang ang lalake ay maaari), Sosyo-ekonomiko(ang ama ang naghahanap-buhay at ang ina ang nanatili sa bahay) | 3 | Madalas |
| d. Naipapaliwanag ng may pantay na karapatan ang babae at lalaki sa pamumuno,pagbuo ng desisyon, at pamamahala ng gawain ng isang pamilya o organisasyon na nakakapekto sa kanilang pamumuhay at gawain. | 3 | Madalas |
| e. Naipapaliwanag na may pantay na karapatan ang babae at lalaki sa pagtatamo ng edukasyon, iskolarsyip at mga pagsasanay/training. | 3 | Madalas |
| **Kabuuang Mean** | **2.98** | **Madalas** |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 9| Issue: 2| February 2023|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2023: 8.224 || ISI Value: 1.188

Mula sa naitalang kabuuang mean na 2.98 may interpretasyong berbal na madalas nangyayari sa gender roles ang pantay na karapatan ng babae at lalake sa lipunang kanilang ginagalawan. Halos ang mga konseptong natuos ay may mean na 3 maliban sa isa na naipapaliwanag na ang gender role ay batay sa mga gampaning pangkultura o panlipunan na maaaring baguhin. (hal. ang tungkulin sa pag-aalaga ng bata ay gampanin din ng ama). Sapagkat hindi maiaalis na may mga indibidwal pa ring naniniwala sa nakagisnang kultura kaya't higit ang paniniwala sa pagpapamilya na ang ina ang tagapag-alaga kadalasan ng kanilang mga anak. Ngunit ito ay mangilan-ngilan na lamang sapagkat nakapagtala pa din ng mataas na mean ang konseptong ito na may interpretasyong berbel na madalas.

**TALAHANAYAN 4**
**1.4 Kagamitan sa Pagtuturo**

| Nakapaloob na Konsepto | Mean | Interpreatsyon |
|---|---|---|
| a.Ang ginagamit na silabus sa Filipino ay may integrasyong gender-based. | 2.9 | Madalas |
| b. Ang ginagamit na mga batayang aklat at mga sanggunian ay nagtataguyod ng konsepto, paksa at pagpapahalaga para sa gender sensitivity. | 2.7 | Madalas |
| c. Nasisiguro na ang ginagamit na mga halimbawang akda ay tumutulong upang mabawasan o mawala ang gender bias, diskriminasyon at karahasan laban sa kababaihan, kabataan at mababang tao sa lipunan. | 2.7 | Madalas |
| d. Ang mga nabubuong komposison ng mga mag-aaral ay nagsusulong ng pantay na pagpapahalaga sa mga kababaihan at kalalakihan bilang tao. | 2.9 | Madalas |
| e. Ang ginagamit na mga video presentation, mga larawan at lunsarang pampanitikan ay nagbibigay inspirasyon upang lalong magsikap ang mga mag-aaral para sa kanilang maunlad na bukas, pagtataguyod sa kapayapaan at pagmamahal sa Diyos at kapwa tao. | 3 | Madalas |
| **Kabuuang Mean** | **2.84** | **Madalas** |

Natuklasan sa pag-aaral na may kabuuang mean na 2.84 at may interpretasyong berbal na madalas ang mga natuos na konsepto hinggil sa mga kagamitang panturo. Nagpapatunay lamang na maging sa mga kagamitang pampagtuturo'y naisasangkap na ang pantay na pagtingin sa bawat kasarian. Marahil resulta din ito sa malakas na pagtataguyod ng Gender and Development Office sa mga oryentasyon ng "gender sensitivity" sa bawat kolehiyo ng pamantasan.

**TALAHANAYAN 5**
**1.5 Pasilidad ng paaralan**

| Nakapaloob na Konsepto | Mean | Interpreatsyon |
|---|---|---|
| a .Nagbibigay ng mga lecture at training ang gender at development office ukol sa gender sensitivity sa mga kolehiyo. | **3** | Madalas |
| b. May gender desk sa tatlong campus na nagtataguyod ng R.A. 7877 Sexual Harrasment. | **3** | Madalas |
| c. May hiwalay na palikuran para sa babae at lalake. | **3** | Madalas |
| d.Tumutulong ang tanggapan ng Scholarhip and Endowmnet sa bawat mag-aaral na karapat-dapat na mabigyan ng benepisyong ito. | **3** | Madalas |
| e. May tanggapan para sa Student Development Office na nagtataguyod sa pantay na oportunidad ng mga mag-aaral sa mga organisasyong nais na aniban. | **3** | Madalas |
| f. Tumutulong ang Dental and Medical Unit sa mga mag-aaral na nangangailangan ng serbisyong pangkalusugan babae man o lalake. | **3** | Madalas |
| g.Bukas ang sild-aklatan para sa lahat. | **3** | Madalas |
| h. Nagagamit ang sumusunod na pasilidad para sa mga aktibiti ng mga mag-aaral gaya ng gym, avr, amphitheater, alumni center, swimming pool atbp. | **3** | Madalas |
| i.Naghahanda ang TSU MultiPurpose Cooperative Inc. ng mga pagkaing nabibili sa murang halaga. | **3** | Madalas |
| j. Nagkakaloob ng serbisyo ang Guidance and Counseling Unit sa mga mag-aaral na may suliraning emosyonal, sosyal at kahirapan sa pag-aaral. | **3** | Madalas |
| k. May nagagamit na silid-aralan at mga laboratory sa bawat kolehiyo ng tatlong campus. | **3** | Madalas |
| l. May Business Center na mapagbibilhan ng uniporme, ID, souvenir items, aklat na magagamit sa kanilang pag-aaral. | **3** | Madalas |
| **Kabuuang Mean** | **3.0** | **Madalas** |

Mapapansing nakapagtala ng halos madalas na tugon ang mga tagasagot na may kabuuang mean na 3.0. Ito marahil ang resulta ng angkop at maayos na pamamalakad ng Gender and Development Office ng pamantasan sa pagsulong ng pantay-pantay na karapatan ng bawat indibidwal sa unibersidad.

Dahil na rin sa mataas na pagkilala sa karapatan ng bawat isa ang pamantasan ay nagsusulong ng malakas na suporta sa nasabing opisina.

2. Matukoy ang prosesong ginamit ng guro sa integrasyon ng edukasyong gender sa pagtuturo batay sa:

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 9| Issue: 2| February 2023|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2023: 8.224 || ISI Value: 1.188

**TALAHANAYAN 6**
**2.1 Layunin**

| Nakapaloob na Konsepto | Mean | Interpretasyon |
|---|---|---|
| a.Naipapaliwanag ang mga layunin at kahalagahan ng integrasyon ng edukasyong gender sa pagtuturo ng Filipino | 3 | Madalas |
| b.Natututkoy ang iba't ibang suliranin, isyu kaugnay sa di-pantay na karapatan (gender inequalities) ng babae at lalake sa ating lipunan. | 3 | Madalas |
| c. Naiisa-isa ang impluwensiya ng Kulturang Pilipino sa persepsiyon ng mga mag-aaral tungkol sa kanilang gampanin (gender roles) sa kanilang pamilya at komunidad. | 3 | Madalas |
| d. Nakapagbibigay ng angkop na sitwasyon at kaganaan upang maiwasto ang mga pananaw at saloobin ng mga mag-aaral tungkol sa pantay na karapatan ng mga kababaihan at kalalakihan sa lipunan. | 3 | Madalas |
| e. Nakapagsasadula ng mga solusyon upang makatulong sa paglunas ng mga karahasan sa loob ng tahanan, paaralan at komunidad na kanilang kinabibilangan. | 2.9 | Madalas |
| **Kabuuang Mean** | **2.98** | **Madalas** |

Makikita na nakapagtala ng kabuuang mean na 2.98 na may interpretasyong berbal na madalas na nangyayari ang prosesong ginamit ng guro sa integrasyon ng edukasyong gender sa pagtuturo batay sa layunin. Patunay lamang na maging ang mga guro ay nagsusulong ng angkop at mahusay na pagtatala sa bawat aralin at gawain sa loob ng silid-aralan na ang mga mag-aaral ay matuto sa angkop na pagtingin sa pantay na karapatan ng babae at lalake, may respeto sa bawat kasarian, at nakikipamuhay ng tama sa komunidad na kanilang kinabibilangan.

**TALAHANAYAN 7**
**2.2 Paksa**

| Nakapaloob na Konsepto | Mean | Interpreatsyon |
|---|---|---|
| a.Ang mga paksang-aralin ay nauugnay sa mga sitwasyon at mga kaganapan sa aktwal na pangyayari sa buhay ng mga mag-aaral upang mapaigting ang kanilang kamalayan tungkol sa gender sensitivity. | 3 | Madalas |
| b.Sa mga paksa ay nasusuri ang ginagampanang papel ng babaeng tauhan kung may gender bias o wala sa kuwento, dula, nobela, at iba akdang pampanitikan bilang lunsaran ng pag-aaral ng Filipino. | 3 | Madalas |
| c. Natutukoy sa paksa ang pagkakaiba ng mga katangian ng stereotype na babae sa sinaunang panahon kumpara sa mga babae sa kasalukuyang henerasyon. | 3 | Madalas |
| d. Natatalakay sa paksa ang mga suliraning panlipunan kaugnay ng mga karahasan laban sa mga kababaihan pati na ng pang-aabuso sa mga kabataan. | 3 | Madalas |
| e. Napalalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral na ang karapatan ng mga kababaihan ay karapatan din ng indibidwal na mamamayan. | 3 | Madalas |
| **Kabuuang Mean** | **3.0** | **Madalas** |

May kabuuang mean na 3.0 na may interpretasyong berbal na madalas na ginagawa ng mga guro sa kanilang mga paksang-aralin ang paglalapat ng tamang moral, tamang kamalayan sa papel at tungkulin ng isang babae o lalake. Sa gayon dito naipapakita na ang mga guro sa bagong milenya ay may sapat na kabatiran sa umiiral na batas pagdating sa integrasyon ng edukasyong gender sa pagtuturo ng Filipino.

**TALAHANAYAN 8**
**2.3 Gawaing Pansilid-aralan**

| Nakapaloob na Konsepto | Mean | Interpreatsyon |
|---|---|---|
| a.Group Dyamics: Naisasagawa ang pagtutulungan at pagkakaisa para sa matagumpay na pagsasakatuparan ng mga itinakdang gawain. | 3 | Madalas |
| b.Role Playing: Nailalarawan ng mga mag-aaral ang mga pangyayari sa kuwento na nagpapakita ng mga tungkulin ng mga anak o magulang na parehong nagagampanan ng parehong kasarian. Bibigyang-diin ang parehong karapatan ng babae at lalake sa loob ng tahanan at pamayanan upang matugunan ang isyu tungkol sa gender bias. | 3 | Madalas |
| c. Brainstorming: Natatalakay at nauugnay sa kuwento ang mga isyu tungkol sa gender sensitivity upang mapahalagahan ang damdamin at pantay na karapatan ng babae at lalake. | 3 | Madalas |
| d. Debate: Napagtatalunan ang paksang " Ano ang dapat pairalin sa Pag-aasawa: Damdamin o Kaisipan?" | 3 | Madalas |
| e.Paglalarawan: Paglalarawan ng nais na Profayl/Propesyon bilang matagumpay na babae/lalake sa hinaharap. | 3 | Madalas |
| f. Panayam: Nakapagsasagawa ng panayam kaugnay sa mga karanasan ng batang ina at maagang nag-asawa. | 3 | Madalas |
| g. Pagsulat ng Lathalain: Naitatampok ang kasaysayan ng mga ulirang ina/ama sa matagumpay na pagtataguyod ng edukasyon ng kanilang mga anak bilang mabuting halimbawa ng mga magulang sa pamayanang kinabibilangan. | 3 | Madalas |
| h. Case Study: Pag-aaral ng Kaso sa pag-aabuso sa mga kababaihan/kabataan sa loob ng tahanan/komunidad upang makahanap ng makabuluhang interbensiyon sa paglutas ng | 3 | Madalas |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 9| Issue: 2| February 2023|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2023: 8.224 || ISI Value: 1.188

| | | |
|---|---|---|
| mga karahasan sa paglabag sa karapatang pantao. | | |
| i.Sarbey: Nakapagtatala ng mga datos batay sa estadistika ng gawain/propesyon ng parehong pinapasukang trabaho ng kamag-anak na babae/lalake sa pamilya ng mga mag-aaral bilang: doktor, nars, inhinyero, pulis atbp. Upang patunayan ang pagbabago ng pananaw kaugnay sa stereotype na papel ng babae sa kasalukuyang panahon. | 3 | Madalas |
| j.Pagsulat ng balita: Nakasusulat ng balita ukol sa mga proyekto/programa ng pamantasan para sa gender and development. | 3 | Madalas |
| **Kabuuang Mean** | **3.0** | **Madalas** |

Mula sa naitalang resulta ng mga tagsagot halos lahat ng konsepto ay may mean na 3.0 sa gayon masasabing may interpretasyong berbal na madalas ang kabuuang mean na 3.0 rin nagpapatunay lamang na ang mga guro ay hantad sa pantay na pagtrato at pagtingin sa karapatan ng bawat indibidwal. Malaki rin ang naitulong ng pamantasan sa suporta nito sa mga seminars na

dinadaluhan ng mga guro sa mga usapin, isyu at talakayan hinggil sa gender sensitivity. Nagpapatunay lamang na hantad at bilad na sa pamantasan, mga guro't mag-aaral ang karapatan ng mga kababaihan ay karapatan din ng mga kalalakihan.

3. **Matukoy ang naging bunga ng integrasyon ng edukasyong gender sa pagtuturo batay sa performans ng mga mag-aaral sa:**

**TALAHANAYAN 9**
**Resulta ng Pagsusulit**

| Tanong para sa mga nabasang akda sa Filipino 2 –Pagbasa at pagsulat | Mean | Interpresatsyong Berbal |
|---|---|---|
| 1.Naramdaman mo ba ang pantay na pagtrato sa karapatan ng bawat tauhan sa mga akdang iyong nabasa? | 2.8 | Madalas |
| 2.Kadalasan ba'y may nagpapamalas ng isang "Maria Clara" o "Andres de saya" na katangian ng mg tauhan sa mga akdang iyong nabasa na? | 2.4 | Madalang na nangyayari |
| 3.Binibigayang linaw ba sa pagtuturo ng panitikan ang pantay na karapatan ng babae at lalake. | 3 | Madalas |
| 4.Nagpapakita ba ng madalas na karahasan o di kaya'y hindi patas na pagtrato sa karapatan ng bawat tauhan sa mga akdang isinulat ng mga manunulat? | 2.4 | Madalang na nangyayari |
| 5.Ang mga akdang nabasa na sa kasalukuyang Panitikang Filipino ay may mga lahok na din na gender sensitivity? (Hal. Pagpapakita ng ama sa kaniyang karakter na iginagalang niya ang desisyon ng kaniyang asawang babae. | 2.6 | Madalas |
| 6.Nagkakaroon ng hidwaan sa mga tauhan at kadalasan ang nananaig ay mga kalalakihang tauhan. | 2.6 | Madalas |
| 7.Karamihan sa mga abusadong karakter ay mga kalalakihan. | 3 | Madalas |
| 8.Nagpapatuloy ang kulturang nakagisnan hinggil sa hindi pantay na karapatan ng babae at lalake. | 3 | Madalas |
| 9. Nakabasa ka na ba ng mga akdang pampanitikan sa Filipino na ang pangunahing tauhan ay isang bakla o tomboy? | 2.4 | Madalang na nangyayari |
| 10. Kadalasan, ang mga akdang pampanitikan sa kasalukuyan ay nagpapakita ng pantay na karapatan sa mga third sex (bakla/tomboy). | 2.3 | Madalang na nangyayari |
| 11.Tinatanggap na sa lipunan at maging sa mga akdang pampanitikan na ang mga tauhan ay bakla o tomboy? | 2.5 | Madalas |
| 12. Ang mga akdang pampanitikan sa Filipino ay nagpapakita ng angkop na katangiang dapat taglayin ng isang babae/lalake sa loob ng isang kuwento. | 2.4 | Madalang na nangyayari |
| 13.Madalas mangyari sa mga bida ngayon sa mga akdang ating nababasa ay babae. Sa una'y inaalipin at sa huli'y lalaban para matamo ang hustisya sa kaniyang kabiguan. | 2.4 | Madalang na nangyayari |
| 14. Mababasa na sa mga akda ngayon na ang karakter ng mga babae sa kuwento ay nagbabago na. Sila ay palaban at may mataas na estado sa lipunan. | 2.4 | Madalang na nangyayari |
| 15. Umiiral na sa mga akdang pampanitikan ngayon ang pantay na pagtrato at paggalang sa bawat kasarian sa loob ng mga kuwento. | 2.4 | Madalang na nangyayari |
| 16. Madalas mang-alipin sa mga akda ay mga kalalakihan. | 3 | Madalas |
| 17. Nagaganap sa mga maikling kuwento na ang kapangyarihan ito man ay awtoridad o katungkulan ay napapasakamay ng mga tauhang lalake. | 2.6 | Madalas |
| 18. Kadalasan ang ina sa mga maikling kuwento ay mapag-alaga at maalalahanin gaya ng mga ama sa kanilang pamilya. | 2.5 | Madalas |
| 19. Ang sumusuway lagi sa mga magulang sa mga akda ngayon ay mga kalalakihan. | 3 | Madalas |
| 20. Nabibigyan ng pantay na trato ang mga tauhan sa wakas ng kuwento ang bawat tauhan sa loob ng mga akdang pampanitikan. | 3 | Madalas |
| **Kabuuang Mean** | **2.6** | **Madalas** |

Bagaman ang resulta ng pagsusulit ay nakapagtala ng madalas na interpretasyong berbal may kabuuang mean naman ito na 2.6. Nangangahulugan lamang na sa kasalukuyang mga akda na nakasulat sa maikling kuwento, dula, nobela maging ng tula ay marahil karamihan sa mga akdang pampanitikan ay hindi pa nakapaglalarawan o nagpapakita ng pantay na karapatan ng babae at lalake bagkus namumuhay pa rin ang mga akda sa kulturang nakamulatan pa noong una.

4. **Makapagmungkahi ng mga planong gawain sa pagtataguyod ng R.A. 9710 na magagamit ng mga guro at mga mag-aaral sa pagtulong sa kanilang komunidad sa pagpapatupad ng nabanggit na batas.**

Ang bawat mungkahi ay nagpapakilala ng magandang solusyon para sa isang programa at proyekto. Sa pamamagitan ng pananaliksik na ito maaaring makatulong ang mga sumusunod na mungkahi sa pagpaplano ng mga gawain

| Layunin | Mungkahing Gawain | Target | Time-Frame | Kalalabasan |
|---|---|---|---|---|
| Masabi at maipamalas sa isipa't damdamin ng mga mambabasa na ang pagkakapantay-pantay na karapatan ng bawat kasarian ay walang pinagkaiba sa isa't isa. | **Pagsulat ng mga guro sa Filipino ng mga akdang pampanitikan na may lahok *gender sensitivity*** gaya ng<br>- Maikling kuwento<br>- Tula<br>- Nobela<br>- Dula<br>- Sanaysay | Guro<br><br>Mag-aaral<br><br>Magulang | Isang taon | Maitatatak ang bagong karansang magtatakip sa kulturang nakagisnan. Na si Eba ay kayang bumuhay ng isang anak sa pamamagitan ng kaniyang lakas at pawis at si Adan nama'y mangalaga nang buong taimtim na may puso't pagtitiis. |
| Matukoy ng mga mambabasa ang layunin at hangarin ng R.A. 9710 " Magna Carta for Women" | **Bukas at Malayang Usapin**<br>- Open Forum<br>- Panel Discussion<br>- Pananaliksik | GAD Coordinator/Head<br>Guro<br>Mag-aaral | Dalawang beses o isang taon batay sa pangangailangan ng gawain | Mulat sa karapatan ng mga kababaihan upang malayang maisakatuparan ang kanilang karapata't kagalingan. |
| Magampanan nang angkop ang pantay na karapatan hinggil sa moral, sosyal, sikolohikal at mental na aspeto | **Palihan at Worksyap na may mga temang:**<br>- " Babae sa milenyal na realidad"<br>- "Si Eba noon at si Eva ngayon"<br>- Malikhaing Pagsulat ng Akda: Tugon sa Suliraning Karapatan ni Maria<br>- "Ipamalas ang nais sa layon ng isip, gawa't ikabubuti ng bawat kasarian": Isang Talakayan<br>- "Telon mo'y Buksan nang Masilayan ang Lumalambitin na Karapatan" | GAD Coordinator/Head<br>Pinuno ng mga Paaralan<br>Guro<br>Magulang | Lima o Apat na quarter ng taon | Maipakita ang suliraning kinalalagyan ng mga kababaihan sa moral, sosyal, sikolohikal at mental na aspeto |
| Maikuwento't maibahagi sa mundo ang karapatan ng bawat kasarian | Pagkakaroon ng:<br>- **Facebook Page ng bawat paaralan** para sa mas mabilis na paraan ng pag-alam sa karapatan ng bawat isa.<br>- Pagbabahagi ng mga FLYERS o PHAMPLETS na serye sa bawat buwan | GAD Coordinator/Head<br>Pinuno ng mga Paaralan<br>Guro<br>Mag-aaral<br>Magulang | Hangga't may GAD sa paaralang pinaglilingkuran | Mabilis na pag-alam sa pantay na karapatan ng babae at lalake |
| akagawa ng proyekto para sa komunidad sa pakikipagtulungan ng mga nanunungkulan sa komunidad gaya halimbawa ng counseling sa mga kabataan o sa mga magulang na rin upang malubos ang pagpapakilala sa karapatan | **Literasiya't Training**<br>- Mga usaping magpapalawak sa karapatan ng bawat isa upang maingatan ang relasyon ng babae at lalake<br>- Pangkabuhayang makapaguturo ng pantay na pagtingin sa | GAD Coordinator/Head<br>Pinuno ng mga Paaralan<br>at<br>mga barangay<br>Guro<br>Mag-aaral<br>Magulang | Anim na buwan hanggang dalawang taon batay sa pangangailangan ng mga itinakdang gawain | Makatulong sa pagpapalawig ng impormasyon sa R.A. 9710 "Magna Carta for Women" |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 9| Issue: 2| February 2023|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2023: 8.224 || ISI Value: 1.188

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| ng bawat indibidwal. | bawat kasarian gaya ng "Shop Ko sa Bahay" | | | |
| Makagawa ng mga silid-araling gawain ang mga mag-aaral upang malubos ang pagpapalawig ng panatay na karapatan ng babae at lalake | **Aktibidad pang media**<br>- Photojournalism<br>- Video blogging<br>- Paglikha ng mga awitin<br>- Pagsasadula sa pamamagitan ng mga short-films<br>- Paglikha ng mga kuwentong namamahay sa mundo ng internet | Guro<br>Mag-aaral | Isa hanggang dalawang semestre | Maipalabas ang kakayahang galing at talino ng mga mag-aaral sa paggawa ng mga gawaing kinatatampukan ng makabagong teknolohiya |
| Makabuo ng mga malaikhaing piyesa | **ISULAT mo't IGUHIT**<br>- Slogan<br>- Poster Making<br>- Pagsulat ng Tula | Guro<br>Mag-aaral | Isang semestre | Maiguhit at maipamalas ang saloobin ng mga mag-aaral hinggil sa pantay na karapatan ng bawat kasarian. |

## V. LAGOM, KONGKLUSYON, AT REKOMENDASYON

Nakasentro sa kabanatang ito ang lagom, kongklusyon at rekomendasyon ng kinahinatnan ng pag-aaral at kaangkupan ng integrasyon ng edukasyong gender sa pagtuturo ng Filipino. Na kung saan sa pamamagitan ng pag-aaral at masinsinang pag-susuri ay nakabuo ng sariling hinuha at mga kasagutan sa mga suliraning inilahad.

### Lagom

Sa uanang bahagi ng pag-aaral nagkaroon ng layunin na ilarawan kung paano itinataguyod ng mga guro ang integrasyon ng edukasyong gender sa pagtuturo ng Filipino batay sa mga salik ng gender fair tulad ng: 1) Wika na kung saan natuklasan na sa paggamit ng wika ay pinahahalagahan ng mga tagasagot ang pantay na karapatan ng bawat indibidwal. 2) Kung sa kasarian (gender) naman ang pag-uusapan alam at batid ng mga tagasagot ang pagkakaiba ng babae at lalake sa kaniyang katangian. Samantala,
3)ang gampanin (gender roles) ay natuklasan na dahil sa kulturang nakagisnan ay may ialan-ilan pa rin na ang tingin sa pamilya ay patiarkal na ang pinaka-ulo sa pamilya ay ang ama at ang tagapag-alaga ng bata ay ang ina. Sa 4) kagamitan sa pagtuturo naman ay nakatugon ang guro sa kaniyang mga ginagamit na syllabus, aklat, at video presentaions na may lahok na gender sensitivity sa kanilang pamamaraan. Saa huli ay ang 5) pasilidad ng paaralan. Naipakita ng pag-aaral kung gaano kalakas ang suporta at patnubay ng administrasyon ng pamantasan kung ang pag-uusapan ay pasilidad. Sapagkat sa pakikipagtulungan ng Gender and Development Office ng pamantasan mapatututnyang naisasakatuparan ng paaralan ang pagtataguyod sa Batas Republika Blg. 9710 o kilala bilang Magna Carta ng Kababaihan.

Sa ikalawang bahagi ng pag-aaral natuklasan kung paano ang prosesong ginamit ng guro sa integrasyon ng edukasyong gender sa pagtuturo batay sa: 1) Layunin na nagbigay ng mataas na mean sapat upang masabing ang mga guro ay kaakibat sa pagtataguyod ng edukasyong gender; sa bawat 2)paksa naman na ginagamit ng mga guro laging isisnasangkot ng guro sa kaniyang pagtuturo ang edukasyong gender sa pagtuturo ng Filipino katunayan nakapagtala ng kabuuang mean na 3.0; ang mga 3)gawaing pansilid-aralan naman ay mga estratehiyang nilahukan at kinakitaan ng paglalapat ng edukasyong gender sa pagtuturo. Sa katunayan may kabuuang mmean na 3,0 patunay na ang mga guro ay nahasa at masasabing tunay ngang de klibre sa kanilang larangang napili.

Sa pagtukoy naman ng naging bunga ng integrasyon ng edukasyong gender sa pagtuturo batay sa performans ng mga mag-aaral sa resulta ng kanilang pagsusulit bagaman natuklasan na may madalas na interpretasyong berbal ang resulta makikita pa rin na may mga tagasagot ang nakakapagtala ng mena na 2.6, 2.5 at 2.4 na kung saan kadalasan ang mga akdang pampanitikang kanilang nababasa ay kinakikitaan na hindi gender-based. Marahil ang mga manunulat ng akda ay may malakas na impluwensiya pa rin ng kultura noong una.

Naipakita din ang mga mungkahi sa planong gawain sa pagtataguyod ng R.A. 9710 na magagamit ng mga guro at mga mag-aaral sa pagtulong sa kanilang komunidad sa pagpapatupad ng nabanggit na batas. Ilan sa mga ito ang patuloy na pag-oorganisa ng mga seminars at oryentasyon sa mga guor man o mag-aaral upang lubos na maisulong ang integrasyon ng gender sa pagtuturo sa gayon ay wala nang sino man ang makapang-aabuso sa kahinaan ng isang kasrian.

Nagkaroon din ng mungkahing hikayatin ang mga milenyal na mga guro na makapagsulat ng kanilang akda upang malubos ang pangangailangan sa kagamitang pampagtuturo na may *gender-based education* na.

Ang pagtulong din sa kapuwa sa pamamagitan ng *counseling* sa mga ina at ama na kadalasang ginagawa sa mga imersyon at ekstensyong serbisyo upang palawakin ang kaalaman ng mga tao sa komunidad hinggil sa pantay na karapatan ng bawat kasarian. Mahirap bakbakin ang kulturang nakagisnan ngunit sa unti-unting pagpapalawig at pagpapalaganap ng R.A, 9710 matututo ang mga mamamayan sa komunidad sa kanilang gamapanin at responsibilidad bilang babae at lalake.

### Kongklusyon

Batay sa resultang nakalap na datos, nabuo ang mga sumusnod na kongklusyon:

1. Mula sa pagtukoy kung paano ang pagtataguyod ng edukasyong gender sa pagtuturo ng Filipino batay sa mga salik ng gender fair mula sa wika, kasarian (gender), gampanin (gender roles), kagamitan sa pagtuturo at pasilidad sa paarlan ay may magandang resultang naipakita. Ang lahat ng mga salik ay may madalas na nangyayaring integrasyon ng gender sa patuturo ng Filipino.
2. Ang pagtukoy sa prosesong ginagamit ng guro sa pagtuturo niya ng asignaturang Filipino ay higit na malinaw na naipakita nito ang paglalahok at paglalapat ng edukasyong gender. Marahil ang mga milenyal na guro ay kompetitib din at masigasig sa pagdalo sa kanilang mga seminars at trainings upang malubos ang kanilang kakayahan bilang guro at mapaunlad pa ang pamamaraan ng kanilang pagtuturo sa makabagong henerasyon.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 9| Issue: 2| February 2023|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2023: 8.224 || ISI Value: 1.188

3. Higit na nangibabaw ang kultura sa mga akdang naisulat sa resulta ng pagsusulit ng mga tagasagot mula sa mga akdang pampanitikang kanilang nabasa na. Bagama't madalas ang naging interpretasyong berbal naipakita pa rin na may ilan sa mga ito ang nakapagtala ng hindi madalas makita sa mga konseptong hiningi ng pag-aaral. Dahil dito, naiimpluwensiyahan pa rin ang iba sa hindi patas na pagtingin sa gampanin ng lalake at babae. Gaya halimbawa ng mga kaisipang "Maria Clara" ang pagiging martir ng isang babae at ang "Andres de saya" na pagpapakita ng tunay na katapatan sa pagmamahal at pag-aaruga na tinitignang negatibo ng karamihan dahil mga gawing pambabae ito. Ang alam nilang nakagisnan ay malakas ang lalake at mahina ang babae, kung tutuusin ang lahat ng gampanin sa loob ng tahanan gaya ng paglalaba, paghuhugas ng plato at pamamalantsa ay gampanin ng dalawang kasarian higit lalo ang pag-aalaga at pag-aaruga sa mga bata. Gaya din naman ng paghahanap-buhay bilang pulis, bumbero, sundalo at welder ay maaari ring maging hanap-buhay ng isang babae.

**Rekomendasyon**

Ang mga sumusunod na rekomendasyon ay nabuo batay sa natuos at nasuring pag-aaral. Iminumungkahi ng mananaliksik para sa mga susunod pang maglalaan ng pag-aaral na may kaugnayan sa ganitong uri ng pananalik ang mga sumusunod na rekomendasyon:

1. Hikayatin ang mga guro na magkaroon ng sariling akdang pampanitikan gaya sa pagsulat ng maikling kuwento, dula, nobela atbp. Ipasuri ito sa mga eksaperto at ipabalido sa gayon may sapat nang kagamitang panturo na magagamit sa pagpapalawak pa ng edukasyong gender sa pagtuturo ng Filipino.
2. Makapaglunsad pa ng mga palihan at training ang GAD sa maseselang usapin hindi lamang ng oryentasyon ng gender sensitivity sa tulong at suporta ng pamantasan upang higit na mabigyang diin ang Batas Republika Blg. 9710 na Magna Carta for Women.
3. Hinihikayat na magkaroon ng ekstensyong serbisyo sa pamamagitan ng mga proyekto sa komunidad upang maging ang mga magulang at kabataan ay mabigyan ng angkop at sapat na kaalaman sa pantay at karapatan ng isang babae at lalake sa gayon unti-unting mabago ang kultuta't paniniwalang ang babae ay mahina at ang mga lalake ay malakas kaya't hindi kailangan na siya ay umiyak.
4. Nirerekomenda rin na makapagsagawa ng mga katulad na pag-aaral sa iba pang asignatura upang makita ang lawak ng kaalaman ng mga mag-aaral sa pagsulong ng edukasyong gender.
5. Hinihimok ang mga mag-aaral na magsulat ng mga artikulong nakapagpapabatid sa patas na karapatan ng babae/lalake sa mga pangkampus na pahayagan at magasin. Sa ganito madaling maikalat at mapalaganap din sa kapwa mag-aaral ang kahulugan ng gender-based education.
6. Makapagsagawa din ng mga pananaliksik na may kinalaman sa pagkuha at pag-aaral ng photo journaslism upang mataya kung gaano na kalawak ang pagpapatupad ng Batas R.A. Blg. 7910 sa gayon maipakita ang pang-aabuso sa karapatan at maiwasan ng bawat indibidwal ang mga ganitong suliranin sa *stereotyping* at malaman ang tunay na kahulugan ng gampanin ng kasariang babae at lalake.
7. Hinihikayat ding makapagsagawa ng sarbey ukol sa mga third-sex (bakla at tomboy) na talamak na rin sa lipunan kung paano makaiiwas sa ganitong damdamin at paano ito malalabanan. O dili kaya'y paano ito dalhin nang may angkop na katangian sa pagiging bakla at tomboy ng mga ito upang sila ay igalang at tanggapin sa lipunan.

## TALASANGGUNIAN


1. *Batas Republika Blg. 9710 Magna Carta ng Kababaihan. (2014). KWF. 2F Watson Building, JP Laurel Street, San Miguel, Maynila.*
2. *Belvez, Paz M. (2000). Ang Sining at Agham ng pagtuturo. Rex Printing Company Inc.: Manila.*
3. *Carino, Let Penalosa, A (2000). Reviving and Developing Desirable Values in Filipino Boys and Girls: Carson Resources and Management Services Printing, Quezon City.*
4. *De Vera, Shirley C. (2013). Pagsusuri ng mga Emosyonal, Sikolohikal at Sosyal na Kaasalan ng mga Hyperactive na mag-aaral, Batayan sa Pagsulong ng Estratehiya sa Pamamahala ng Kasarian. St. La Salle, Bacolod City.*
5. *Erye Richard at Linda. (2000) Teaching Young Children. America. New York. A Fireside Book Published by Simon and Schuster.*
6. *Fadera, L. (2002). Integration of Values education English II Among Schools in Cabanatuan. Unpablished Master Thesis. Wesleyan University, Cabanatuan City.*
7. *Fukofuka, Sunia (2006). The Impact of Spirituality on Academic Performance.*
8. *Liwag, Ma.Emma Concepcion et. al (1998). Child Rearing and Gender Socialization in the Philippines*
9. *https://www.pssc.org.ph/wp-content/pssc-archives/Philippine%20Journal%20of%20Psychology/1998/04_How%20We%20Raise%20Our%20Daughters%20and%20Sons_%20Child-Rearing%20and%20Gender%20Socialization%20in%20the%20Philippines.pdf*
10. *Mayos, Norma et. al.(2008). Ang Guro sa Bagong Milenyo: Mga Kagamitang Panturo sa Filipino. Cabanatuan City: JIMCY Publishing House.*
11. *Philippine Commision on Women Manila, Philippines. (2013).*
12. *Reyes, E. (2002). Values Orientation of Public Elementary School Teachers: Unpablished Master's Thesis. Wesleyan University, Cabanatuan City.*
13. *UNFPA ( Ferbraury 2006). "Gender Equality. An End and Cornerstone of Development." United Nation and Population Fund.*
14. *Vinson, Teraesa S. et.al (2011). The Relationship Between Racial identity Development and Multicultural Counseling Competency: A Second Look. https://onlinelibrary.wiley.com/doi/abs/10.1002/j.2161-1912.2003.tb00354.x*